# 1

"Aray!" Mas nagulat kaysa nasaktan si Tom nang masilat ang isang paa niya sa siwang ng tablang sahig na di niya kaagad napuna.

"Naku! Pasensya ka na, Engineer," nahihiyang paumanhin ng may-ari ng bahay na si Aling Mila. "Giba-giba na talaga itong itaas na parte ng bahay namin. Kaya nga hindi na kami gaanong pumapanhik rito."

Nasa ikalawang palapag sila ng bahay ng mga Capistrano kung saan inililibot siya ng matandang babae upang ipainspeksyon sa kanya ang mga bahagi ng bahay na maaari pang isalba. Ang nais sana nito ay ipa-repair na lamang muna iyon. Pero isang tingin pa lang niya kanina roon ay natiyak na niyang malabo ang ibig nitong mangyari.

Dalawang grado ang may-kalumaan nang bahay. Bato iyon sa ibaba at sa itaas naman ay tabla na inaanay at binubukbok na ang maraming bahagi. Ang bubong ay yero pero pulos kalawang na at sa dami ng butas ay kitang-kita niya ang mga naglalagos na sinag ng araw. Naisip nga niyang mas perhuwisyong di-hamak ang inaabot ng pamilya

kapag sumasapit ang tag-ulan.

Tinapat na niya ang matandang babae. “Malabo na ho ang repair, Ka Mila,” aniya.

“Kahit ‘yung sa ibaba?” kunot-noong tanong nito. “Eh, konkreto naman ‘yon, ah.”

“Konkreto nga ho pero ang daming crack at may mga bahaging umuuga at natitibag na. Halatang kulang sa reinforcement ‘yung mga pundasyon. Isang malakas-lakas na lindol ay baka bumagsak na itong bahay ninyo. Isasapeligro n’yo ba ang kaligtasan ng buong pamilya n’yo?”

Halatang ikinatakot nito ang sinabi niya. Tiningnan nito ang binatang anak na tila sinasangguni.

“Sabi ko naman sa inyo, eh, ipabasal na natin, tulad d’un sa planong ginawa ko. Saka iyon naman ang gusto ni Ate, di ba?” ani Jimbo na kanina pa nakabuntot sa kanila habang itinu-tour siya ni Aling Mila sa kabahayan.

Pang-apat ito di-umano sa anim na anak ng biyuda at nasa ikaapat na taon ng Architecture sa isang unibersidad sa Tarlac City. Ito lamang at ang dalawang mas nakababatang kapatid nito ang nakilala niya, si Joseph na quince años at si Lora

Mae na edad trece.

Ang tatlong nakatatandang anak ni Aling Mila ay pulos babae. Ang panganay di-umano ay isang nurse, nasa Canada ngayon at siyang breadwinner ng pamilya. Dalaga pa iyon at naunahan pang mag-asawa ng dalawang sumunod na kapatid na parehong sa NCR nakabase.

"Puro ka basal. Akala mo ba'y kasya ang isang milyon sa bahay na pinaplano mo?" paismid na sabi ni Aling Mila na halatang hindi komporme sa proposed na bahay na sinasabi ng anak. "Kukubain mo sa pagtatrabaho ang Ate Myra mo bago mayari ang bahay na gusto mo."

Napakamot sa batok si Jimbo, halatang napahiya sa pananabon dito ng ina sa harap ng ibang tao.

"Ano ba 'yong sinasabi mong plano?" nakangiting pang-eengganyo niya sa binata. "Puwedeng makita?"

"Di pa tapos, eh. Pina-plot ko pa 'yung perspective view sa AutoCAD. Pero may scale model na ako."

"Nas'an? Tingnan ko nga."

"Teka, kukunin ko sa kuwarto ko." Dali-dali itong pumanaog mula sa ikalawang palapag at nang magbalik ay dala na ang sinasabing scale model ng

pinaplanong bahay.

“Ang laki naman pala, parang mansyon,” natatawang biro ni Tom. Kinuha niya iyon at inilapag sa sahig upang mapag-aralang maigi.

Detachable ang bawat layer ng two-storey na scale model. Ang tegular roof ay nakapatong sa second floor na nakapatong naman sa ground floor. Dalawa ang kuwarto sa ibaba at apat sa itaas. Lima ang toilet cum bathroom na ang tatlo ay may miniature bathtubs pa. Parehong may terrace sa upper and ground floors. Malawak ang living area at malaki rin ang garahe.

“Okay ba, brod?” tila pagmamalaki sa kanya ni Jimbo.

“Maganda,” komento niya. “May ilang ire-revise lang sa scale model mo, paris ng elevation ng ground floor. Parang sobra sa standard na taas kaya dumami tuloy ang steps ng hagdanan mo. May tamang bilang ang steps at dapat sundin ang oro-plata-mata rule. I’m sure alam mo ‘yon bilang isang Archi student.”

“A-alam ko ‘yon. Nawala lang sa loob ko n’ong ginagawa ko iyang scale model.”

Tumango siya at hinarap uli si Aling Mila. “Payat

ho ang three-point-five million sa bahay na gusto ng anak n'yo. Finished na ho 'yun. Pinturado, may electrical at kompleto sa plumbing fixtures."

Natutop ng babae ang bibig. "Kamahal naman! Wala kaming malaking pera at renovation muna sana ang balak namin," anito at tiningnan ang anak. "Bungalow na lang kasi ang ipagawa natin?"

Napasimangot na umungol si Jimbo, halatang hindi ikinatuwa ang iminungkahi ng ina.

Naiiling na bumaling sa kanya ang biyuda. "Magkano ba ang aabutin kung rough lang? Kahit walang palitada. Basta matirhan lang at may bubong."

"Mahal ho kasi ang mga materyales ngayon lalo't summer. Pero mapauubra na ho natin ang one-point-five. Rough na rough nga lang 'yon," paliwanag niya.

"Ayos lang 'yon. Utay-utay lang ang pagpapaganda. Pag nakatapos ireng binata ko'y siya na'ng bahala."

"Basta ang kuwarto ko'y may CR, 'Nay," ani Jimbo na halatang ikinatutuwa ang wari'y pakikipag-deal na ng ina kay Tom.

“Heh! Ang Ate Myra mo na siyang magpapagawa ng bahay ay baka sa maliit na kuwarto mo lang idestino, ‘tapos ikaw ay may pa-CR-CR pa!”

“Eh, ako naman ang nagplano. Saka babae si Ate at mag-aasawa balang araw. D’on siya titira sa bahay ng mapapangasawa niya. Ako ang panganay na lalaki kaya ako ang magmamana ng bahay natin.”

Suyang inalis ni Aling Mila ang atensyon sa anak at binalingan siya. “Pa’no ba’ng magiging usapan natin?” waring pakikipagsara na nga nito ng usapan.

“Pakyaw ho ang tanggap namin ng mga trabaho.”

“Ano ‘yung pakyaw?” inosenteng tanong ni Jimbo.

“Pakyaw—package,” pigil-matawang sagot niya. “Wala na kayong aalalahanin. Amin lahat… manpower, materyales. Pati paglalakad ng building permit.”

“Ah,” tumatangong tugon nito.

“Eh, Engineer, mahusay ka daw talagang kontratista kaya nirekomenda ka sa akin ng kumare ko,” nakangiting tila pambobola ni Aling Mila, nanunuyo ang tono. “Pero baka naman maibaba pa natin ang one-point-five?”

Marahang natawa siya. "Tapat na ho 'yon. Presyong kababayan na 'yon at hindi ko naman kayo tinuturingan nang mahal. Saka pulido ho kaming magtrabaho."

Napabuntong-hininga ito, pagkuwan ay nagkibit ng balikat. "Sayang, kung nandito ang panganay ko'y siya ang tatawad sa 'yo," anitong hindi niya matiyak kung seryoso o nagbibiro. "Maganda ang anak kong 'yon. Mahihiya kang hindi pagbigyan."

Muling natawa si Tom. Hindi niya maintindihan kung bakit tila ineendorso nito sa kanya ang anak nitong nagpapakatandang-dalaga sa abroad. Inirereto sa kanya?

Pero aminado siya sa sarili, curious siyang ma-meet nang personal ang Myra na iyon. Nakita niya ang malaking portrait nito sa ibaba kanina, nakasuot ng toga. Ngunit kahit sa larawan lang, hindi niya maipaliwanag ang binuhay nitong kakaibang interes sa kanyang dibdib.

MAHIGIT ISANG LINGGO na lang ang ipaghihintay ni Myra at makakauwi na rin siya sa Pilipinas. Makikita na niyang muli at makakapiling ang pinangungulilaang ina at mga kapatid. Kay tagal

din niyang binuno ang tatlong taong pagtatrabaho sa banyagang lugar. Ibayong sakripisyo at kalungkutan ang kapalit upang madulutan niya ng kaginhawaan ang pamilya niya. Nonetheless, it was worth all the sacrifices. She knew it really paid to be practical and wise.

Nang matanggap niya ang tawag ni Aling Mila kanina, tuwang-tuwa siya sa balita nitong sinisimulan na raw ang construction ng dream house nila. Binilinan pa niya itong huwag tipirin ang gastos para matiyak ang tibay at ganda ng bahay na ipinagagagawa nila. Kaya nga siya nagpapakakuba sa pagtatrabaho sa abroad ay para maibigay ang maalwan at komportableng buhay sa kanyang pamilya. Ang balak niya, tatlong buwan lamang siyang magbabakasyon sa Pilipinas at babalik din kaagad dito sa Ontario, Canada.

When she received the e-mail Jimbo had just sent to her, lalong umigting ang kagustuhan niyang kumita nang malaki para sa ikagaganda ng bahay nila. Naka-attach sa e-mail ang floor plan ng bahay, ganoon din ang litrato ng scale model niyon. May mga larawan din kung saan ipinapakita ang aktuwal na pagtitibag ng luma nilang tirahan, ang paghuhukay ng bagong pundasyon, at ang paggawa ng mga scaffolding at balangkas.

From the looks of the scale model, she could say that the house was huge—very huge to hold only a few members of family. But it was really nice. Sunod iyon sa mga nauusong bahay sa Pilipinas ngayon.

While scanning the pictures, she caught a glimpse of a man working on a piece of wood. May nilalagare itong tila brace ng ginagawang amdamyo. Nakangiti sa camera ang lalaki na kahit humuhulas at pawisan ay walang dudang guwapo. Hubad-baro ito at kita ang matipunong pangangatawan.

Sa unang tingin ay parang nahahawig pa nga ito kay Christian, ang nobyo niyang nakipagkalas sa kanya nang malamang mag-a-abroad siya at hindi nito mapigilan. Nang pakatitigan niya ang lalaki sa larawan, nakita rin niya ang malaking kaibahan nito sa ex niya.

The man in the picture was more striking, exuding incontestable charm that proclaimed pride and arrogance. Mestisuhin ang features nito at ang morenong kulay ay waring na-acquire lamang sa sinadyang pagpapaaraw.

Parang ayaw tanggapin ng isip niya na karpintero lamang ang lalaki. Ngunit nang makita niya ang iba pang larawan ng mga men-at-work sa construction site kung saan ito nakasama, natiyak niyang iyon

nga ang opisyo ng guwapong lalaki. May kuha pa nga itong umaakyat sa amdamyo at may hawak na kabra. Sa huling larawan kung saan nagkakainan ang mga tauhan ay nahagip ito ng camera na tumutungga ng tubig sa pitsel.

Napangiwi si Myra, lihim na nadismaya at nanghinayang. Hindi naman sa minamaliit niya ang trabaho nito, ngunit tingin niya ay mas bagay sa lalaki ang maging boss sa isang opisina kaysa maging isang obrero.

Hindi maipaliwanag ni Myra kung ano ang pumasok sa tuktok niya at naisipan niyang i-print nang blown-up ang ilan sa mga larawan kung saan kasama sa kuha ang lalaki.

"Uy, ang pogi naman niyan," narinig niyang sabi ni Daisy, ang boardmate niya sa inuupahang apartment at fellow nurse sa *Mississauga Medical Center*. Beinte-siete años itong paris niya at dalaga pa rin.

Nilinga niya ito at nakitang nakadukwang na ito sa pinagkakaabalahan niya. Nagtataka siyang hindi niya naramdaman ang pagpasok nito sa kanyang silid. Masyado ba siyang engrossed at fascinated sa lalaki sa larawan para hindi niya mamalayan ang paligid?

"Sino 'to?" anito nang kunin at titigan ang isang nai-print niyang litrato.

"Wala… karpintero sa ginagawang bahay sa amin," walang pangingiming sabi niya. Close friend naman niya ito at confidant na rin, hingahan ng mga saloobin. "Nakatuwaan ko lang i-print. Naguwapuhan ako."

"Guwapo naman talaga," nakatawang komento nito. "Mas ma-appeal talaga sa iyo ang mga Pinoy, 'no!"

Ngumiti lang siya. Alam na alam ni Daisy na wala siyang hilig sa mga banyaga. Maraming Canadian ang nagkakagusto sa kanya, pero hanggang pakikipagkaibigan lamang ang isinusukli niya. Sabagay, kahit naman sa mga kapwa Pinoy niya rito na nagpapalipad-hangin sa kanya ay wala rin siyang pinapansin. Trabaho ang ipinunta niya sa Canada at hindi ang pakikipagrelasyon.

Minsan, naiisip niyang apektado pa rin marahil siya ng pakikipagkalas sa kanya ni Christian noon upang mawalan siya ng interes na mag-entertain ng mga manliligaw. Pero hindi naman na niya makapa sa puso ang lalaki at ni hindi nga siya nasaktan nang mabalitaan niyang nag-asawa na pala ito sa Pilipinas.

Naisip tuloy niyang naging bato na yata ang puso niya kaya nawalan na siya ng gana sa iba. Pero ngayon, ano itong nadarama niyang tila pagkaakit sa isang lalaking sa larawan lang niya nakita?

At sa isang karpintero pa!

“Eh, di excited ka na talagang umuwi para makita mo ang lalaking ‘to?” nanunudyong saad ni Daisy.

“Ay, naku! Excited na akong makauwi dahil nami-miss ko na ang Pilipinas at hindi dahil sa lalaking ‘yan,” natatawang protesta ni Myra, ayaw tanggapin ang ideyang sinabi nito. “Si Dr. Diefenbaker nga, binasted ko, ‘tapos sa isang laborer lang ako magkakagusto? Hello!”

“Ows? Eh, bakit ang daming mong pinrint na pictures nito?”

Natameme siya. Bakit nga ba?

# 2

*Home sweet home*, di-maipaliwanag ang kaligayahang naisaloob ni Myra nang umibis siya sa arkiladong jeep na sumundo sa kanya sa airport. Kumapit siya sa rehas na gate at tumunghay sa mga balangkas ng ipinagagawa niyang bahay. Hindi pa man ay nakadarama na siya ibayong sense of fulfillment.

*This is the fruit of my labor—hilaw pa nga lang.*

Linggo noon at walang mga trabahante. Walang kaayusan sa loob ng bakuran at nakahambalang sa iba't ibang panig ang mga construction materials.

"O, pumasok na tayo't ang init-init dito sa labas," ani Aling Mila nang maidiskarga na nilang lahat sa jeep ang mga bagahe niya at mabayaran nito ang driver.

Binuksan ni Joseph ang gate at naunang pumasok, kasunod siya. Napangiwi siya nang humantong sila sa isang makeshift shelter na pansamantalang tirahan daw nila. Parang bahay iyon sa squatters' area, mula sa pinagtagpi-tagping lawanit at lumang mga yero. Kahangga iyon ng dating kulungan nila

ng baboy na siya namang pinagtambakan ng mga gamit nila.

"Ate, p'asok ka na," natatawang sabi sa kanya ng bunsong kapatid na si Lora Mae nang makitang nababaghan siya sa pagkakatayo sa labas ng pinto.

Pumasok siya sa loob at mas nadismaya sa nakitang walang-kawawaang ayos doon. Halu-halo ang mga gamit nila roon. Ang sahig ay lupa na siguradong magpuputik kapag umulan. May pera man sila ay abang-aba pa rin ang pakiramdam niya nang mga sandaling iyon.

"May room tayo, Ate," bumubungisngis na saad ni Lora Mae na waring tanggap at nakasanayan na ang makalat na kapaligiran. Itinulak nito ang isang pinto at tumambad sa kanya ang isang kuwartu-kuwartuhan na medyo maayos naman. "Tatlo tayo ni Nanay dito."

"Eh, saan natutulog sina Jimbo?" aniya.

"Lalaki naman kami, Ate, puwede kahit saan," pakli ni Joseph. "Naglalagay kami ng folding bed dito sa sala."

"Sala?" Nangunot ang noo niya.

"Oo, dito." Itinuro nito ang lupang tinatapakan

nila.

"S-sala pala 'to?" aniyang tinatawanan na lamang ang sitwasyon nila. Ang inaalala niya ay kapag sumapit ang tag-ulan. Paano na sila? Mayo na ngayon at bago matapos ang buwang ito ay baka mag-uulan na.

"Walang kaso kung dito tayo pare-pareho," seryosong dugtong niya. "Kayo ang inaalala ko. Baka pagdating ng tag-ulan ay para tayong dinedelubyo rito. Puwede naman tayong umupa muna ng isang apartment sa malapit."

"Kow, huwag na," ani Aling Mila habang isinasalansan sa mesa ang mga shopping items na nabili nila sa *Duty Free*. "Sabi naman ni Engineer, kapag nabuhusan na ang slab ng second floor ng bahay natin, puwede na tayong lumipat sa silong.

Nagkibit-balikat siya at pumasok sa di-umano'y silid nilang mga babae. "Magpapahinga muna 'ko, sobra ang pagod ko sa biyahe," aniya sa mga kapamilya na ngayon ay pawang abala sa pagbusisi sa mga uwi niyang balikbayan box. "Siguradong may maghahanap sa akin para humingi ng pasalubong. Pabalikin n'yo na lang bukas. O kayo na lang kaya ang mamudmod ng mga tsokolate, 'Nay. Pinangalanan ko na 'yung ibang mga items d'yan."

"Itatabi ko na ang para kina Cynthia at Marissa at uuwi raw sila dito bukas," anang biyuda na ang tinutukoy ay ang mga kapatid niyang sumunod sa kanya. "Ayaw mong kumain uli muna?"

"Busog pa ho ako. Ang dami nating nakain kanina sa *Annabel's*."

Parang hindi na nito narinig ang sinabi niya dahil mas excited ito sa mga uwi niya at nakikipag-unahan pa sa kanyang mga kapatid. Natatawang naiiling na nagpalit siya ng damit. Matapos niyang linisin ng cleanser ang mukha ay nahiga na siya sa malaking kamang naroon.

Alas tres pa lang ng hapon at malamang na bukas na siya magising sa sobrang kapaguran. She would have all the time tomorrow para ayusin ang mga dapat ayusin.

MALAKAS NA PUKPUKAN ang nanggising kay Myra kinabukasan. Iritadong bumangon siya pero hindi naman makaangal. Lumabas na lang siya ng silid at naligo sa palikurang malapit sa dating kulungan ng baboy.

Nagamit na niya iyon nang magising siya nang nagdaang gabi at makaramdam ng panunubig. The

toilet looked grimy kahit nililinis naman daw ng nanay niya. Pero nagpapasalamat siyang mayroon pa silang isang kasilyas sa bahaging iyon, may nagagamit sila habang ginagawa ang bahay nila.

Nang makapaligo at makabalik sa kanilang dampa, kaagad siyang nagbihis. Maluwag na t-shirt, walking shorts at sneakers ang napili niyang get-up dahil ang balak niya ay mag-ocular inspection sa ginagawang bahay nila. Isinuot pa niya ang namataan niyang sumbrero marahil ni Jimbo.

Lumabas siya at tinungo ang kanilang temporary dining and kitchen area sa ilalim ng punong aratiles at nabububungan ng lona. Naroroon sina Aling Mila, Jimbo at Lora Mae at tila nag-uumpisa pa lamang kumain.

"O, maupo ka na," anang nanay niya na kaagad nilagyan ng sinangag ang platong laan sa kanya.

"Tanghali na pala kayo kung mag-amusal dito?" natatawang puna niya nang maupo sa tabi nito.

"Kuu! Bakasyon kasi't tanghali na rin kung bumangon ang mga batugan mong kapatid."

"Huu! Si Nanay, parang hindi ako tumutulong rito kung magsalita," nakalabing ingos ni Lora Mae.

"Trabaho na ba 'yon? Kaunting hugas ng pinggan, hindi na maipinta 'yang mukha mo. Mas marami pa'ng lakwatsa. Mamaya, saan ka naman kaya magbubulakbol?"

"Mag-i-Internet ho ako sa bayan."

"Aba'y may Internet ka naman dito, ah."

Sumimangot ang dalagita. "Ang bagal-bagal kaya ng computer ni Kuya. Puro virus pa."

Naiiling na ipinagpatuloy na lang ni Aling Mila ang pagkain.

"S'an ho si Joseph?" tanong niya sa ina.

"Nag-almusal na. 'Ayun, nakatanga sa ginagawang bahay. Gusto yatang matutong mag-anluwage."

Natatawang lumingon si Myra sa construction site at natanaw nga niya ang kapatid na nagmimiron sa mga karpintero. "Kumusta na ba ang architect namin, ha?" nakangiting baling niya kay Jimbo mayamaya.

"'Eto, lalong pumopogi." Ngumisi ito sa kanya.

"Luku-luko!" natatawang sabi niya. "Ang ibig sabihin ng pangungumusta ko, eh, 'yung tungkol sa

pag-aaral mo. Baka naman nagsasayang ka lang ng tuition."

"Hindi, ah. Ang tataas nga ng grade ko."

"Inaalala ko ngang hindi makatapos 'yan, eh," himig-nagsusumbong sa kanya na pakli ni Aling Mila. "Paano'y inaalembong na ni Ching-ching."

"Sinong Ching-ching?" kunot-noong tanong niya.

"'Yung anak ni Mambo na may tindahan sa kanto."

"Si Ching-ching, 'yung dalagitang may mga kati sa braso?" namilog ang mga matang bulalas ni Myra. "Nagustuhan mo 'yon, Jimbo?"

Bumubungisngis na sumagot si Lora Mae para sa kuya. "Dalaga na 'yon, Ate. Seventeen na at ang ganda. Saka makinis na ang balat niya. Sumali nga siya sa *Starstruck*."

"Nanalo?"

"Natalo. Walang talent, eh."

Siya naman ang napabungisngis.

"'Wag n'yo namang pagtawanan 'yong tao," halatang nainsultong pagtatanggol ni Jimbo sa

naturang babae. “Hindi naman kayo inaano ng syota ko.”

“At girlfriend mo na nga pala?” sumeryosong sabi ni Myra, tonong nanenermon. “Baka hindi ka nga maka-graduate n’yan, ha?”

“Fling-fling lang naman ‘yon, ‘Te. Siyempre’y priority kong makatapos. Tutulad ba naman ako kina Ate Marissa at Ate Cynthia? Ano ngayon ang buhay nila?”

Parehong nagsipag-asawa at hindi nakatapos ng pag-aaral ang dalawang kapatid nila. Dahil sa desperasyon at sama ng loob kaya minadali niyang makapag-abroad noon. Kahit kakarampot ang kinikita niya bilang nurse sa isang pampublikong ospital sa bayan, sinisikap niyang mapag-aral noon ang ikatlo sa kanilang magkakapatid na si Cynthia, pero nabuntis ito ng isang kamag-aral at wala silang nagawa kundi ipakasal na lamang doon.

“Gusto ko lang na nagkakaintindihan tayo,” kahit nakangiti ay puno ng awtoridad na sabi ni Myra. Kandakuba siya sa pagtatrabaho at hindi siya papayag na mauwi lang sa wala ang mga pinagpapaguran niya.

Napatingin sila sa ginagawang bahay nang

makarinig ng mga tawanan doon na tila may nagbibiruan.

"Maayos naman ba ang trabaho nila, 'Nay?" baling niya sa ina na ang tinutukoy ay ang mga trabahante.

"Aba, oo," kumpiyansang tugon nito. "Magaling 'yung foreman nila, napakapropesyonal at disiplinado ang mga tauhan. Panay nga ang overtime nila para hindi magahol sa panahon."

Nasisiyahang napatango siya.

"Nandiyan na siguro si Engineer—'yung foreman. Kausapin mo mayamaya. Baka may gusto kang ipadagdag sa plano o kung anuman."

"Dito ho ba nagtitigil lagi 'yung foreman?"

"Minsan. Pero may mga panahong wala siya. May iba rin kasing trabaho 'yon. May assistant naman siya, eh. Pero bilib ako sa kanya kapag nandito, ha. Talagang gumagawa, hindi paris ng ibang kapatas na pautus-utos lang. Ang gusto daw niya kasi, eh, may personal touch niya ang mga tinatrabaho niya."

Napangiti si Myra. Bihira nga naman sa isang foreman sa construction ang tumatrabaho nang mabibigat.

“At mabait, ha. Makonsiderasyon,” susog pa ni Aling Mila. “Pumayag na kalahati lang muna ng napag-usapan namin ang ibigay ko dahil wala pa ‘ika ko ‘yung hinihintay nating pera. Basta ang sabi niya, sasabihin na lang niya kung kailangan na niya ‘yung kapupunan.”

“Saka, Ate, ang pogi-pogi,” tila kinikilig na sabad ni Lora Mae. “Madalas nga, napapatitig ako sa mukha niya pag sumisilip ako sa ginagawang bahay.”

“Hoy, bata ka!” pandidilat ni Aling Mila rito. “Trece ka pa lang ay ang dami mo nang alam na kakirihan.”

“Saka, Ate, binata pa,” patuloy ng bunsong kapatid na hindi pinansin ang panenermon ng ina.

“Pero pogi talaga?” natatawang pakikisakay niya.

“Oo talaga, promise.”

Napangiti si Myra. Naisip niyang mas pogi pa kaya ang foreman na iyon kaysa karpinterong nakita niya sa mga larawang in-email sa kanya ni Jimbo kamakailan?

IKAAPAT NA LINGGO na ngayon ng grupo ni Tom sa paggawa ng bahay ng mga Capistrano. Siyam silang miyembro ng working team kung saan siya ang foreman. Magkaminsan ay gumagawa na rin siya kapag gipit sila sa oras at nangangailangan ng tao.

Natatawa nga sa kanya ang mga tauhan niya. Akala ng mga ito ay pagkukuripot ang dahilan niya. Pero para sa kanya, higit pa kaysa pag-aarimuhunan lang ang rason ng pag-aasiste niya. Mas ang dedikasyon sa propesyon.

Minsan nga ay siya pa ang nag-i-initiate ng isang maselang gawain kung hindi kaagad makuha ng tauhan niya ang kanyang instruction. Gusto niyang ipakita ang method niya na siyang susundan na lang ng mga ito upang maiwasan ang mga pagkakamali at damage sa trabaho.

At thirty-three, bihasa na si Tom sa larangan ng construction; a jack-of-all-trades for that matter. Kahit sa masonry at basic building wiring ay may alam siya. Ultimo sa kahoy ay may uwido rin siya. Katunayan ay hobby niya ang paggawa ng cabinets sa bahay nila.

Mahirap lamang ang pamilyang kinalakhan niya at kailan lang gumanda ang takbo ng kabuhayan

nila. Nakatapos nga siya ng Civil Engineering nang dahil sa sariling pagsisikap. Nagpipiyon sa araw at nag-aaral nang paunti-unti sa gabi. Panganay siya sa apat na magkakapatid at bata pa lang ay ramdam na niya ang lupit ng kapalaran sa kanila. Kung hindi siya natutong mag-ambisyon at magsikap, alam niyang hanggang doon na lamang sila—mahirap. Salat sa pinag-aralan ang mga magulang niya at walang permanenteng pinagkakakitaan. Ibayong pagtitiis ang ginawa niya dahil hindi niya gustong lumaki silang magkakapatid na walang linaw ang kinabukasan.

Nang makatapos siya at magkaroon ng lisensya, pinalad siyang makapasok sa isang malaking development firm sa Capas. Nang makaipon nang sapat, nagbitiw siya sa trabaho at nagsarili. Nagtatag siya ng isang maliit ng construction business at nagpatayo ng hardware sa poblacion ng Gerona, ang kanilang munisipalidad. Sa ngayon ay may dalawa nang sangay sa mga karatig na bayan ang hardware nila na pinamamahalaan ng mga kapatid niya. Nakabili rin siya ng ilang sakahing lupa na ang iba ay pinaglagyan pa niya ng fishponds.

Masasabing fulfilled na si Tom. Napag-aral na niya ang mga kapatid niya. Napaginhawa na niya ang buhay ng kanyang mga magulang. Sa estado

niya ngayon, asawa na lang ang masasabing kulang sa kanya. Pero ang aspetong iyon ay isang usaping pinag-iisipan na rin naman ni Tom.

It was high time he focus on his future. Plano niyang yayain nang magpakasal si Criselda, ang girlfriend niyang isang high school teacher. Nasa edad na rin ang dalaga para magpamilya. Beinte-seis na ito at kahit paano ay nagampanan na rin ang obligasyon sa pamilya.

Dati ay nagbiruan sila tungkol sa pagpapakasal. Mabuti na lang at hindi sineryoso ng nobya ang bagay na iyon. Sa pagdaan ng mga taon, tila pansumandaling nabura sa isip nila ang issue ng pag-aasawa. Masyado silang nalibang sa kanya-kanyang propesyon at hindi alintanang nalilipasan na sila ng panahon.

Ngayon na lang—ngayon na lamang niya naiisip ang kakulangang dapat ay punan na niya kung ayaw niyang tumandang hungkag at nag-iisa.

"'P're, palapit dito, o."

"Ha?" Takang nilinga ni Tom si Karding, ang kanang-kamay niya sa construction na kababata rin niya at isang mahusay na anluwagi.

Nasa ibabaw sila ng mga balangkas na tabla

at plywood para sa gagawing slab ng ikalawang palapag ng itinatayo nilang bahay. Lima silang naroroon na abala sa pagtatrabaho. Mabusisi rin kasi ang paggawa ng mga porma. Kung bubuwenasin, sa susunod na linggo ay baka malatagan na iyon ng mga bakal. At dalawang linggo mula ngayon, baka mabuhusan na iyon ng semento.

"Papunta rito ang anak ni Ka Mila," paanas na sabi ni Karding. "'Ayan na, o."

Naiiling na sinundan ni Tom ng tanaw ang sinasabi nito. Kanina pa ito tila distracted sa pagtatrabaho samantalang nag-aapura na nga sila. Panay ang sulyap nito sa mag-anak na Capistrano habang nag-aagahan ang mga iyon sa ilalim ng punong aratiles, may dalawampung metro ang layo mula sa construction site.

Siya man ay napapalingon kanina pero hindi niya gaanong makita ang babaeng umaakit ng atensyon ni Karding. Nakatalikod ito pero paminsan-minsan ay tumatagilid din kaya nabibistahan niya kahit paano ang mahahaba at mapuputing legs nito.

Nakita niyang tila curious na nag-oobserba ngayon ang babae habang papalapit sa ginagawang bahay.

Maganda ang anak ni Aling Mila, he concluded beyond reasonable doubt. Mas nag-mature nga lang ito kaysa sa larawang nakita niya dati, pero higit na nagkaroon ng lalim ang karakter. Kung pagmamasdan ito, mapapansin ang pinaghalong masungit at mabait na timplada ng mukha.

"Bakit parang tomboy?" medyo napalakas na sabi sa kanya ni Karding na waring nauliningan din ng babae dahil kunot-noong luminga-linga ito, naghahanap ang tingin.

Awtomatikong nagpakayuku-yuko sila ng kaibigan nang makitang titingala ang babae sa puwesto nila.

"Hindi naman, ah," pigil matawang sabi ni Tom kay Karding. Pero sa isip niya ay labis niyang tinututulan ang komento nito. "Gan'on lang siguro ang paborito niyang pambahay pero hindi naman mukhang tibo, ah."

"Eh, ba't naka-syorpet pa? Nasa bahay lang naman. At, p're, kung maglakad, astig at wa poise!"

*Oo nga*, naisip niya. Napuna rin niya iyon at nagtataka siyang ayaw lamang tanggapin ng isip niya.

"Pero ang ganda ng mukha, ha?" ani Karding.

"Parang sumikip tuloy bigla ang pantalon ko."

"Sira-ulo!" Pabirong binatukan niya ito.

MUKHA RAW siyang tomboy?

Hindi yata niya matatanggap iyon.

Pigil ang inis na inisa-isang tingnan ni Myra ang mga naroroong trabahante na pawang curious sa pagkakatingin sa kanya. May apat siyang namataan sa ibaba at may ilan sa itaas. Ngunit hindi niya matukoy kung kanino nagmula ang patutsada.

Wala namang ibang babae sa site maliban sa kanya kaya alam niyang siya ang pinatatamaan ng kung sinumang iyon na walang patumangga sa pamimintas.

Hindi lamang ngayon ang unang beses na napagkamalan siyang tomboy. Alam niyang medyo stiff siyang magkikilos, pero natural na niya iyon. Minsan parang gusto niyang isisi sa kanyang nasirang ama ang tigasing dating niya. Palibhasa'y tatlo silang anak na babaeng sunud-sunod at wala pa si Jimbo noon, siya ang nagmistulang munting sidekick ni Mang Nicanor na kasa-kasama nito sa mga lakaran. Lumaki siyang mala-tomboy at dalagita na nang

matutong magkilos-babae.

"Peter, si Ate Myra," narinig niyang pakilala ni Joseph sa kanya sa isang lalaking kahuntahan nito at nagkakamada ng mga bag ng semento.

Kiming ngumiti sa kanya ang may hitsura pero taghiyawating lalaki na tantya niya ay kaedad ni Jimbo. "Good morning po," tila nahihiyang bati nito.

"Good morning din," tugon niya. At bilang pagbati na rin sa iba pang trabahanteng naroroon sa silong, pinanatili niya ang friendly na ngiti habang isa-sang tinitingnan ang mga ito. Pagkuwan ay binalingan niya si Joseph. "Tawag ka ni Nanay, 'pabibili yata ng *Gasul*."

Tumalima ang binatilyo. Nang maiwan siya ay sinimulan na niya ang tila pag-iinspeksyon sa site. Palakad-lakad siya, pamiron-miron habang tinatanong ang ilang manggagawa hinggil sa progreso ng trabaho.

Kanina pa hinahanap ng kanyang tingin ang lalaking nakita niya sa picture, ngunit hindi niya masumpungan. *Nasa itaas siguro,* naisip niya. Ano kaya ang pangalan?

Lihim na gusto niyang kastiguhin ang sarili. Ano ba ang nangyayari sa kanya at ganoon na lang ang

pagnanais niyang makita ang guwapong lalaki?

*I'm just curious, that's all!* maagap na sigaw ng isip ni Myra bago pa man siya makahagilap ng ibang posibleng rason. Naiiling na ipinasya niyang lisanin ang silong at sa labas magmasid-masid. Sa paglabas niya, nasanggi niya ang hagdang kawayang nakasandig sa isang andamyo.

Nakarinig siya ng nagitlang sigaw mula sa isang natarantang lalaking noon ay pababa ng hagdan.

Nabigla rin si Myra nang makitang patagilid na dumudulas sa pagkakasandig ang hagdan. Pero maagap namang napigilan iyon ng lalaki nang makakapit ito sa ilang bakal na dowel at mai-steady iyon sa dating pagkakatayo. Ngunit sa aksyong iyon ay nabitawan naman nito ang hawak na martilyo at lagareng magkasunod na bumulusok sa gawi niya.

Reflex ang nagtulak sa kanya para magawang ilagan ang mga bagay na muntik nang bumutas ng bumbunan niya o tumagpas sa kanyang leeg. Pero gitlang-gitla naman ang pakiramdam niya pagkatapos. Nanginginig pa ang kanyang mga kamay habang tila namamalikmatang nakatitig sa mga nagbagsakang gamit.

"Okay ka lang, Miss?" halatang worried na

tanong ng lalaki nang tuluyang makababa sa hagdan at daluhan siya. Napahawak pa ito sa mga balikat niya bilang pag-alalay sa kanya. "Putlang-putla ka."

Napatingin siya rito at napakurap-kurap pa nang kagyat na makilala ang anyo nito.

*Ang lalaki sa larawan!* hiyaw ng isip ni Myra.

Higit na makisig at simpatiko ang lalaki sa personal. Pero hindi niya makuhang kiligin nang mga sandaling iyon. For God's sake, she just had almost met an accident! Sino bang nilalang ang kikiligin kung ganoong muntik-muntikan nang mamatay?

# 3

"Sorry," pukaw ni Tom sa nakatigagal na babae.

Saka lang ito tila unti-unting nakabawi sa kabiglaan. "H-hindi ka nag-iingat," ngatal na sabi nito.

Nangunot ang noo niya, pormal ang anyo. "Sa tingin ko, ikaw ang hindi nag-iingat. Binunggo mo ang hagdan habang pababa ako na muntik ko nang ikahulog."

"Muntik mo lang ikahulog!" matinis na gagad ni Myra. "Samantalang ako, muntik ko nang ikamatay."

"O, ako ba ang may kasalanan?" Di-makapaniwala ang anyong minasdan niya ito. "Ikaw itong bigla na lang sumulpot rito na parang modelong nagpa-fashion show."

"A-aba't…!" napahumindig na bulalas ng babae, pero parang wala namang maisip na idugtong.

Nagpatuloy siya, "Ang hirap sa 'yo, alam mo nang kasalanan mo, ipinapasa mo pa sa iba."

Parang maiiyak sa galit na tinitigan siya ng babae, pagkuwan ay walang sabi-sabing nagmartsa

na palayo.

*Katangahan niya, sa akin isisisi?* naiiling na naisip ni Tom habang sinusundan ito ng tingin. Pero siya na rin ang umunawa rito. Shocked ito siyempre sa nangyari. Baka ang pagbubunton nito ng sisi sa iba ay outlet nito upang maka-recover sa kabiglaan.

NANLALAMBOT PA RIN si Myra kapag naaalala ang disgrasyang muntik na niyang abutin kanina. Kaunting-kaunti na lang ay talagang napinsala na siya.

Ngayong naka-recover na siya, lihim na nakadama siya ng hiya sa inasal niya sa lalaking karpintero. Nag-sorry na nga ito sa kanya kahit kasalanan niya ay inasikan pa niya. Sabagay ay biglang-bigla talaga siya sa nangyari kaya nakapag-react siya nang ganoon.

*Di bale*, sa loob-loob niya. Isang araw ay hihingi na lamang siya ng dispensa rito sa ginawi niya.

Pagkaalala sa naging engkuwentro nila kanina ng guwapong lalaki, di niya naiwasang mapangiti. Mukha itong mabait pero mukha ring istrikto. Karpintero lang naman nila ay kay tapang magsasagot sa kanya.

Kahit sa personal o sa larawan lang, naroroon ang taglay na confidence na parang likas na rito. Naisip niyang dulot iyon ng prominenteng features nitong pinalambot lang ng malalamlam at expressive na mga mata na tila nang-aarok kung makatitig. Nakakailang pa ang taas nito, gayundin ang mabulas na pangangatawang alam niyang sanay sa trabahong mabibigat.

Napabuntong-hininga si Myra. Naghahalo ang tuwa at inis niya. Tuwa dahil nakaharap na rin niya sa wakas ang guwapong lalaki. At inis dahil hindi niya matanggap sa sariling attracted siya sa isang karpintero lang.

STRETCHABLE JEANS at body-fitting blouse ang napiling isuot ni Myra nang umagang iyon na naisipan niyang mag-ocular inspection na naman sa ginagawang bahay nila. Ang buhok niyang alun-alon at lampas-balikat ay ipinusod niya ng hair clamp sa bandang puyo pero nakalaylay pa rin. Nag-apply rin siya ng kaunting pulbos, lipstick at cologne.

*Siguro naman ay hindi na ako mapagkakamalang tomboy*, nangingiting naisip niya habang papunta sa construction site. Ni sa sarili ay ayaw niyang amining mayroon siyang pinagpapagandahan.

Tipid na nginitian niya bilang pagbati ang mga dinatnan niyang manggagawa. Parang tinambol kaagad ang dibdib niya sa kaba nang matanaw ang guwapong lalaking nakaengkuwentro niya noong isang araw.

The man looked neat now. Maporma ito, kabaligtaran sa ibang trabahanteng naroroon na nakasuot ng working clothes. Nakasuot ito ng green polo shirt na nakaparagan sa pantalong maong. Leather sandals ang sapin nito sa paa at ang clean-cut na buhok nito ay naka-gel pa.

Pero ang pagtataka sa ayos ng lalaki ay bahagya na lamang niyang napagtuunan ng pansin. Mas aware siya sa tila dagang naghahabulan sa dibdib niya.

Bahagyang nangunot ang noo ng lalaki nang magkatanawan sila, pero lumambot din ang ekspresyon habang papalapit sa kanya.

"H-hi!" nahihiyang bati ni Myra, asiwa ang ngiti.

"Hi!" ganting bati nito, pero sinundan ng parunggit. "Baka mabagsakan ka na naman ng kung anu-ano. Ingat lang sa paglilibut-libot rito, ha?"

Namula siya kahit parang nagbibiro lang ito. "Pag nangyari iyon, kasalanan ko dahil hindi ako

nag-iingat," nakuha niyang sabihin bilang biro.

Saka pa lamang nito nagawang ngumiti.

Sinamantala niya iyon upang humingi ng paumanhin sa inasal niya rito dati. "Pasensya ka na sa pagtataray ko noong Lunes, ha? Nabigla lang ako noon."

"Okay lang 'yon. Pasensya ka na rin sa inasal ko," anito na sa pagkakatitig sa kanya ay tila pinag-aaralan na naman siya.

*That probing, piercing pair of eyes!* naisaloob niya. Nag-iwas siya ng tingin nang hindi matagalan ang mga titig nitong hindi niya maunawaan kung bakit tila nagdudulot sa kanya ng nakaaalinsangang pakiramdam.

"Hindi siguro delikadong gumala dito, di ba?" tanong niya, pero ang mga mata niya ay nakatutok sa mga piyon na naghahalo ng semento.

"Hindi naman. Basta tingnan mo lang ang mga nilalakaran mo. Maraming nakakalat na pako at bakal."

Tumango si Myra. "Excuse me," pasintabi niya saka tinalikuran ito upang kunwa'y magmasid-masid sa paligid. Pero lihim na nahiling niyang sana ay

bumuntot ito sa kanya na tila tour guide at huntahin siya.

Ngunit hindi sumunod ang lalaki. Nakita niyang may iba na rin itong pinagkakaabalahan.

Lumapit siya kay Peter na natanaw niyang nasa labas ng isang tila makeshift barracks, nagpaparikit ng panggatong sa isang improvised na lutuang bato na may nakasalang na malaking kaldero.

"Magsasaing ka na?" nakangiting tanong niya rito.

Nakangiting tumango ito. "Pananghalian namin."

"Dito ba kayo lahat kumakain?"

"Oho. Korpu kami rito."

Kumunot ang noo ni Myra. "Ano 'yon?"

"Korpu ho," tila naaaliw sa kainosentehan niyang tugon nito. "Korporasyon. Ambag-ambag kami para sa tanghalian at merienda. Ngayon, toka ko ang pamimili ng ulam at pagluluto. May mga gamit naman kami rito."

Napangiti siya. Di-kawasa ay nakarinig siya ng papalapit na mga yabag. Nang lingunin niya ay

nakita niya ang guwapong karpintero, patungo sa direksyon nila.

Ngumiti ito sa kanya, pagkuwan ay bumaling kay Peter. "Ano'ng nabili mong ulam, Peter?"

"Bangus," tugon ni Peter. "Isisigang ko sa usbong ng sampalok. Di ba paborito mo 'yon, Kuya Tom?"

*So, Tom pala ang pangalan*, naisaloob niya na hindi maintindihan kung bakit sa kaunting impormasyong iyon hinggil sa lalaki ay masayang-masaya na ang puso niya.

"Sarapan mo, ha?" nakatawang sabi ni Tom.

"S'yempre," natatawa ring sagot ni Peter. "Pero mamaya, kamote lang ang merienda. Kinapos ang dala kong pera sa palengke. Pinagkasya ko lang."

Parang ibig mapangiti ni Myra sa pagiging vocal ni Peter sa paghahayag ng kakapusan sa budget ng mga ito gayong kaharap lamang siya. At lihim na naaaliw rin siya sa nakitang pa-OA na pag-asim ng mukha ni Tom. She had this rising fondness for him and she didn't know why.

"Magluluto kami ng nilugawang manok mamayang hapon," nakangiting imporma niya. "Sasagutin ko na ang merienda n'yong lahat."

"Talaga?" kagyat ang pagsaya ng mukha na paniniguro ni Tom, halatang na-excite sa sinabi niya.

"Oo, promise," natatawang sabi ni Myra.

Nag-duet sa pagpapasalamat sa kanya ang dalawang lalaki.

Wala na siyang maisip na sabihin at naasiwa naman siyang makipagtagalan ng usap sa mga ito. Naagaw ang pansin niya ng isang kalapit na hagdang kawayang nakasandig sa andamyo, patungo sa second floor ng itinatayong bahay. She approached the ladder and climbed it with almost no effort at all, unmindful of her poise. Parang gusto pa niyang palakpakan ang sarili nang walang kalula-lula at kahirap-hirap na makasampa siya sa ibabaw ng mga plywood na siyang nagsisilbing balangkas ng gagawing slab.

Naisip niyang wala pa rin talaga siyang kupas pagdating sa akyatan. Noong bata siya ay sisiw na sisiw sa kanya pag-akyat sa mga bayabasan.

Pagtingin niya sa ibaba, nakita niya sina Tom at Peter na nakatingala at tila gilalas sa pagkakatingin sa kanya. Namula siya nang ma-realize ang kawalang-pino niya. Kahit kailan talaga, nababale-wala ang pagpapaka-demure niya kapag umaandar

ang katomboyan niya!

Ngayon, sa nakikita niyang anyo ni Tom, hindi niya masabi kung turned-off o impressed ito sa kanya.

Nagmamadali itong sumunod sa kanya. "Ingat ka lang, ha? Baka masilat ka," halatang nag-aalalang bilin nito na parang gusto pa siyang alalayan.

Na-touch siya at lihim na humanga sa pagiging maginoo at thoughtful nito. "D-delikado ba rito?" biglang kinabahang tanong niya nang marinig na may umingit sa isang bahaging nahakbangan niya.

"Hindi naman. Matitibay ang mga seruhelas—'yung pamakuan ng mga plywood, may mga tukod pa sa silong. Kaya lang, marami pang lugar na walang takip, baka hindi mo agad mapansin at malusot ang paa mo."

Nakita nga niyang marami pang butas ang ginagawang porma ng flooring, kalahati pa lang marahil ang nalalatagan ng plywood. "Ang laki pala ng bahay namin," komento niya bilang pagsisimula ng kuwentuhan. "Kita-kita rito sa taas ang kabuuang area."

"Ang laki talaga," natatawang ayon ni Tom. "Biruin mong dito lang sa itaas, apat na ang

silid. Tatlo ang CR. Malaki ang family hall at may balkonahe pa."

Parang ibig niyang malula. Ngayon lang niya naisip kung tama ba ang pasya niyang magpagawa ng malaking bahay. Bukod sa bubuwisan nila nang malaki, baka hindi pa ito matapos at maiwan lang na nakatengga.

"Ang laki-laki nitong bakuran n'yo," anang lalaki na kasabay ng sinabi ay umabot ng isang bunga ng Indian mango sa sanga ng punong nakalaylay sa malapit sa ulunan nila. "Ang daming puno."

"Ang loteng ito ang masasabing pinakamalaking naipundar ng tatay ko noong kakakasal nila ng nanay ko," sabi niya. "Liblib daw kasi ang lugar na ito dati at mababa ang zonal value kaya mura lang din nabili ng tatay ko."

Napatangu-tango ito habang nakikinig, halata ang interes sa mga ikinukuwento niya.

Lihim na nasiyahan si Myra. She had always loved in a person his enthusiasm to listen and lend an ear to others. Naalala niyang bigla ang dating nobyo. Everytime they were together, Christian would tell her a lot of stories that some were nonsense. But she tended to listen very well kahit nabo-bore na siya. At

kapag siya naman ang nagkukuwento, parang hindi naman ito nakikinig.

"Babalik ka pa ba sa Canada?" curious na tanong ni Tom mayamaya.

"Paano mo nalamang sa Canada ako galing?" nangingiting balik-tanong niya.

"Naibida ka na sa amin ng nanay mo noong bago pa kami gumawa rito. May anak nga raw siyang 'Myra' ang pangalan at uuwi mula sa Canada."

Napatango siya. "Babalik ako r'on sa August. Kailangan, eh. Gusto kong mayari nang yaring-yari itong bahay. Saka pinag-aaral ko pa ang mga kapatid ko."

Tumangu-tango uli ito habang nakatitig sa kanya. "Teka… gusto mo ng mangga?" nakangiting alok nito nang maalala ang hawak na prutas. "Ipipitas kita."

"Hindi, salamat," tanggi niya, natatawa. "Ako pa'ng aalukin mo, eh, puno namin 'yan. Sawa kami d'yan."

Nagkibit-balikat ito, pagkuwan ay walang inhibisyong kumagat sa hawak na bunga ng mangga kahit may balat pa iyon. "Pasensya na, nangangasim

lang ako, eh."

"Okay lang," aniya kahit hindi alam kung para saan ang paghingi nito ng pasensya. Lihim na naaaliw talaga siya rito. Nakakatuwa ang pagiging animated nito at kawalang-kiyeme sa pakikiharap sa kanya na tila ba hindi alintanang bagu-bago lamang silang magkakilala.

Tila naasiman kaya hindi na ito muling kumagat pa sa mangga. Pero humingi naman ng permiso sa kanyang pipitas pa ng ilan. "Panghimagas lang namin mamaya. May dalang bagoong ang isang kasama namin," anito, saka pabirong idinugtong: "Huwag kang mag-alala, hindi namin mauubos ang bunga ng mangga n'yo."

"Okay lang naman," natatawang ingos niya. "Nagkakahulog nga lang 'yan nang walang pumapansin."

Tumingala si Tom at pinitas ang mga manibalang na Indian mango na abot-kamay lamang nito.

Sinamantala niya ang pagkakataon upang matitigan ang lalaki. She really couldn't explain this tingling feeling she felt for the guy. She wouldn't deny she rather enjoyed chatting with him. Pangalawang engkuwentro pa lamang nila ito, pero ang gaan na

ng loob niya rito.

"Baka naman matunaw ako, ha?" nakangiting sabi ni Tom nang lumingon ito at mahuli siyang nakatitig dito.

Nag-init ang mga pisngi ni Myra na tiyak niyang nagkulay-makopa. Hiyang-hiya talaga siya. Hindi niya makuhang mainis dito sa ginawang pamumuna sa kanya dahil parang nagpapatawa lamang ito.

Mabuti at maagap siyang nakaisip ng palusot. "P-pasensya na," sabi niyang ngumiti nang disimulado. "May naaalala kasi akong kahawig mo."

"Sino?" Nakangiting kumunot ang noo nito.

"S-si Christian, kaibigan ko dati," aniyang hindi maunawaan sa sarili kung bakit hindi masabi sa kausap ang naging relasyon niya sa lalaking binanggit.

"Christian… Christian Torres?" lalong nangunot ang noong panghuhula nito.

"Bakit kilala mo?" di-makapaniwalang bulalas niya.

Napangisi ito. "Siya lang naman ang naisip kong kahawig ko. Maraming nagsasabi n'on kahit sa tingin ko, hindi naman. Pinsang-buo ko 'yon. Magkapatid

ang mga nanay namin."

"Talaga?" di na mapigil ang katuwaang sabi ni Myra na napapailing-iling pa. "Pinsan ka pala ng mokong na 'yon?"

Natawa ito. "Hindi naman malabo 'yon, di ba? Maraming magkakamag-anak at magkakakilala sa isang hindi naman kalakihang bayan na paris ng Gerona."

*Eh, bakit ngayon lang tayo nagkakilala?* muntik na niyang maisatinig kung hindi niya naagapan ang sarili.

"Paano kayo naging magkaibigan ni… ng mokong na 'yon?" anito na ginaya pa ang paraan ng pagtukoy niya kay Christian sa himig na pabiro.

"Actually, naging ex ko siya," pagtatapat na niya. Ikakaila pa ba niya si Christian gayong magpinsan pala ang dalawa? Baka sa iba pa malaman ni Tom ang totoo ay nakakahiya. Ano ang iisipin nito sa kanya sa pagtatatwa niya sa pinsan nito?

"Talaga?" Ang lalaki naman ang nagpakita ng pagkagulat. "Bakit wala na kayo?"

"Nakipagkalas siya nang magpasya akong mag-abroad," di-nahihiyang amin na niya. "Ayaw daw

niya na magkalayo kami.”

Tinitigan siya nito na tila may emosyong gustong aninagin sa mukha niya, at nang walang mabakas doon ay saka lamang ngumiti. “Ayaw niyang mag-abroad ka pero ngayon ay nasa abroad din siya, nasa Saudi,” naiiling na sabi nito. “Nag-asawa na siya. May anak na.”

“N-nabalitaan ko nga.”

Parang wala na silang mapag-usapan. Ayaw pang umalis ng dalaga, pero ano naman ang gagawin niya rito sa itaas? Normal lamang sa isang nagpapagawa ng bahay ang magmasid-masid sa ipinagagawang tirahan, pero hindi ang makipaghuntuhan at abalahin ang mga manggagawa sa oras ng trabaho. Baka mamaya ay mapagalitan pa si Tom ng foreman nito.

But come to think of it, sa loob-loob niya nang biglang may maisip. Bakit nga ba pabandying-bandying lamang ang lalaking ito gayong nagtatrabaho ang mga kasama? At nagawa pang mamitas ng mangga!

“Engineer!” tawag na isang manggagawa sa ibaba ng hagdan na nagpalingon kay Tom.

Maang na napatitig siya rito. Engineer?

Diyata't…

"Ano 'yon, Randy?" tanong ng binata na gumilid pa upang tumingin sa ibaba.

"Narito si Miss Criselda, may dalang merienda."

"Sige, bababa na 'ika mo ako."

Nawala na sa paningin nila si Randy.

"I-ikaw pala 'yung f-foreman?" di-makapaniwalang tanong niya kay Tom nang balingan siya nito. Ngayon lamang niya lubusang napag-ukulan ng pansin na sa asta at dating, parang hindi nga ito mukhang karaniwang trabahante lang. Halatang may-sinabi.

Nakangiti pero bahagyang nangunot ang noo nito. "Hindi mo pala alam?" tanong nitong tila nagtataka pa.

"Akala ko… akala ko…" *Akala ko'y karpintero ka lang dito*, muntik na niyang masabi kung hindi lamang naisip na baka ikainsulto nito.

Lihim na nakadama siya ng matinding hiya sa sarili. Isipin na lang na malimit ay nilalait-lait pa niya sa isip ang lalaking ito gayong bigatin naman pala.

*Hindi ko naman alam, eh*, kontra ng isang bahagi ng isip niya. *Pero na-attract pa rin ako sa kanya kahit ang alam ko'y isang hamak na karpintero lang siya!*

Iyon na lamang ang ginawa niyang konsuwelo sa sarili upang pagtakpan ang lihim na pagkapahiya.

"Tara, 'baba na tayo," nakangiting sabi ng binata. "Aalalayan kita, baka mahirapan ka. Hindi kasindali ng pag-akyat ang pagbaba sa ladder."

Parang namamalikmatang titig na titig lamang siya sa simpatikong mukha nito habang nagsasalita. Kung kanina ay bilib na siya sa kaharap, ngayon ay parang natriple pa ang paghanga niya.

*Ang suwerte ko naman pag napangasawa kita. Ang guwapo mo na, gentleman pa! At big-time pa!*

"No, thanks," may extra na tamis ang ngiting saad niya. "I can manage."

Nakangiting nagkibit-balikat ito.

Bago pa nila tunguhin ang hagdan, narinig nila ang tinig ng isang babaeng tumatawag kay Tom. Sumilip ang lalaki sa ibaba at gumaya siya. Nakita niya ang isang babaeng nasa puno ng hagdan at tila gustong pumanhik.

"Aakyat ako, Tom," nakangiting sabi nito habang

nakatingala sa kanila. Sa isang kamay ay may hawak itong rectangular tupperware na may handle.

“Kaya mo?” natatawang sabi ni Tom.

“Oo, basta salubungin mo ako. Gusto ko ring sumilip d’yan.”

Tulad ng request ng babae, nakaabang nga ang lalaki sa itaas habang pumapanhik ito. Nakita ni Myra na parang nangangatog sa nerbyos ang una at nilalabanan lamang. Nang makapanhik, maagap na umalalay si Tom hanggang sa tuluyang makasampa ang babae sa ibabaw ng plywood na tinatapakan nila. Namumutla at gitil-gitil sa pawis ang mukha ng babae pero halatang masaya.

Lihim niyang pinagtatakhan kung sino ang bagong dating kahit may kutob na siya. Maganda ang babae at kay amo ng mukha nito.

Magiliw na ngumiti ito sa kanya; gumanti siya ng ngiti.

“Myra, si Criselda, girlfriend ko,” nakangiting pakilala ni Tom sa kanya na umakbay pa sa babae, pagkuwan ay siya naman ang ipinakilala rito.

“Hi,” masayang bati nito. “Kumusta?”

“Okay lang,” tugon ni Myra, nagtataka kung

paano niya napanatili ang ngiti gayong tila tinutusok ng maliliit na aspile ang kanyang dibdib. “It’s nice to meet you.”

“Same here.”

“Sige, ha,” paalam niya. “Maiwan ko na kayo rito.”

“May dala akong palitaw,” maagap na sabi ni Criselda na itinaas pa ang hawak na tupperware. “Marami ito, saluhan mo na kami.”

“No, thanks. Mag-a-alas-onse na, kakain na kami mayamaya. Baka masira ang appetite ko.”

Nakangiting tumango ito at hindi na siya pinilit.

Tinungo niya ang hagdan at umaktong bababa na.

“Myra,” tawag sa kanya ni Tom.

Kunot-noong nilingon niya ang nakangiting lalaki.

“‘Yung promise mong arroz caldo mamaya, ha?” parang biro lang na paalala nito.

Tumango siya at tipid na ngumiti, saka paharabas na bumaba na ng hagdan, walang pakialam sa poise.

*ANO BA ANG KARAPATAN mong magselos?* sita ni Myra sa sarili habang tinatanaw ang magnobyong nasa itaas na bahagi pa rin ng ginagawang bahay at magkatuwang na namimitas ng mangga habang nagtatawanan.

Bigla ay naglaro sa isip niyang sitahin ang mga ito at pagbawalan sa ginagawa. Pero hindi niya ginawa. Ang sagwa naman niyon samantalang binigyan nga niya ng permiso si Tom na pitasin ang mga bungang kanina pa nito nakakatuwaan. Gaano lang ba iyon para ipagdamot niya? Saka hindi naman iyon ang talagang problema.

Ang talagang problema ay ang puso niyang umiiyak at nagnanais na maputol ang nakapananaghiling eksena sa itaas.

EKSAKTONG ALAS TRES NG HAPON nang ihatid ni Myra sa construction site ang ipinangako niyang merienda ng mga trabahador. Siya ang nagluto niyon kaya sadyang sinarapan niya. Somehow, gusto niyang ma-impress sa kanya si Tom para naman ma-realize nitong may talent din siya sa kusina. Na tulad ni Criselda ay marunong din siyang gumawa ng mga kakanin gaya ng maja blanca, pichi-pichi, buchi at kung anu-ano pa.

Isipin pa lang na mapapabilib niya si Tom, galak na galak na ang puso niya. Ang gaan tuloy ng pakiramdam niya hanggang makarating sa barracks ng mga trabahador.

“Peter, ‘eto na’ng promise ko,” magiliw na bungad niya kay Peter nang matiyempuhan niya itong naglalaga ng tubig sa lutuang tungko.

“Thank you po,” nakangiti at halatang nasisiyahang sabi nito nang tanggapin ang iniaabot niyang kaserola at ipatong sa ibabaw ng lamesang tabla.

“Talagang dinamihan ko ‘yan para hindi mabitin ‘yung mga gustong umulit,” pabirong sabi niya. “Sige, maggayak ka na, ‘tapos tawagin mo na sila.”

Naglabas ito ng mga mangkok at kutsara saka tinawag ang mga kasamahan na kaagad namang naglapitan.

“N-nasaan si… ‘yung foreman ninyo?” kaswal na tanong niya sa mga ito. Si Tom lang kasi ang wala sa grupo at inisip niyang baka naiwan lamang sa itaas.

“Wala, eh,” tugon ng isang lalaki. “Umalis sila ng syota niya bago mag-alas-doce. Hindi na bumalik.”

"G-gan'on ba?" unti-unting naglaho ang ngiting tugon niya, masamang-masama ang loob.

"K'ain po tayo," magalang na alok ng isang obrero sa kanya na ginaya ng iba pa.

"Sige lang. Tapos na ako. Salamat," tanggi ni Myra, pagkuwan ay lulugu-lugong nagpaalam na sa mga ito.

Wala rin naman pala ang taong gusto niyang pasiklaban ay itinodo-todo pa niya ang effort!

# 4

Ang planong pagpapasikat sa pagluluto ng mga kakanin ay hindi na itinuloy ni Myra. Kung ang pakikipagtalbugan sa girlfriend ni Tom ang paraan para mapansin siya nito, no way! Magsasayang lang siya ng panahon at pagod gayong tingin naman niya ay mutyang-mutya rito ang nobya. At ano ang laban niya sa isang paris ni Criselda na mukhang anghel na ay super hinhin pa?

Sa tuwing dumarating ang babae sa kanila at may hatid na merienda kay Tom, nginangatngat siya ng selos.

At madalas sa mga gabing papatulog siya at biglang pumapasok sa isipan niya si Tom, tinatanong ni Myra ang sarili. Ano ba ang mayroon dito at naaakit siya nang husto? Pero siya na rin ang sasagot sa sariling tanong. And she would end up enumerating all his qualities and traits that made him admirable to her all the more.

At madalas, matatagpuan na lang niya ang sariling napu-frustrate dahil sa pag-iisip rito. She knew it was useless at baka ma-develop lamang siya rito nang husto.

*Hindi ko na papansinin ang Tom na 'yon*, taimtim na sumpa niya sa isip isang gabing agaw-tulog na siya.

Pero kinabukasan at nang sumunod na mga araw pa, nasumpungan na lang niya ang sariling nasa construction site na naman at nakikipag-usap sa inhinyero. She was glad he was attentive to her.

"Parang gusto ko ng mangga," minsan ay pasaring niya habang nakikipagkuwentuhan dito at pinapanood ito sa pag-a-assemble ng mga pormang kahoy na gagamitin umano sa paggawa ng mga concrete beams.

"Naglilihi ka?" pabirong baling nito sa kanya.

"Unggoy!" Kay lutong ng naging tawa ni Myra. Hindi niya maintindihan kung bakit parang palagay na palagay na ang loob niya rito. At masaya siyang ganoon din ito sa kanya na para bang magkaibigan na talaga sila. "Walang boyfriend, maglilihi? Sira ka rin, 'no?"

"'Sabagay," kibit-balikat nito, hindi nawawala ang nanunudyong ngiti sa mga labi. "Parehas nga lang pala ang sintomas ng naglilihi at nagme-menopause."

"Ay, ayoko ng ganyang biro, ha?" napasimangot

at kunwa'y napipikong sabi ng dalaga. "Mag-aaway talaga tayo."

"Joke!" humahalakhak na tugon nito na iminuwestra pa sa kamay ang peace sign.

Ngumiti na siya. "Gusto ko ng mangga, medyo nangangasim ako," ulit niya, lihim na umaasam na sana ay magboluntaryo itong ikuha siya ng naturang prutas.

"Sige, ipipitas kita mamaya," sabi nga nito. "Tatapusin ko lang 'to. Kailangan na kasi nina Karding. Absent na naman kasi si Ponga na siyang dapat na gumagawa nito." Ang tinutukoy nito ay isang tauhan na palaging lumiliban sa trabaho dahil sakitin.

"Eh, ngayon na ako nangangasim," nakalabing giit niya. She knew it was childish of her to ask him such a foolish favor amidst his busy activity. Sinadya niya iyon para masukat ang tolerance ni Tom at matiyak kung may sapat na importansya ba siya rito upang pagbigyan siya.

Nakangiti ito sa kanya pero tila ibig mailing. "Jake," mayamaya ay tawag nito sa isang tauhang nagbibistay ng buhangin. "Pakipitas naman ng mangga si Miss Myra."

"Di bale na nga lang," maagap na sabi niya, nagpilit ngumiti kahit lihim na masama ang loob. "Iniistorbo ko pa kayo, eh, busy nga pala kayong lahat dito. Sorry."

Pagkasabi niyon ay binirahan na niya ng talikod. Pero lihim na nahiling niyang sana ay tawagin siya nito o sundan, at kahit pabalat-bunga ay hingan ng paumanhin.

Ngunit nasaktan lang siya dahil hindi nangyari ang dasal niya. Bakit nga ba siya aamuin at kukunsintihin nito? Siya lang yata ang nag-iisip na close sila. Baka nga lihim na pala itong naaasar sa mga pang-aabala niya. Sa isiping iyon, nakadama siya ng hiya sa sarili. Very obvious naman yata ang pagpapapansin niya kay Tom.

PARANG IBIG MAILING ni Tom habang sinusundan ng tingin ang papalayong pigura ni Myra. Naaaliw talaga siya sa childish na mga kilos nito kung minsan. But he knew there was more to her than just being immature. Sa ilang beses na nakausap niya ito, alam niyang may lalim ito. Responsableng anak at kapatid. Despite her being a woman, he had this impression of her as tough and gutsy. Madiskarte ito at nasa karakter ang

kakayahang itaguyod at ipaglaban ang pamilya.

He sort of admired her at hindi niya itatanggi iyon. Kahit na nga may pagka-carefree ito at haragan kung umasta, tila nakadagdag naman iyon ng appeal nito sa kanya. Sometimes he couldn't help but wonder kung may crush ba si Myra sa kanya dahil panay ang lapit, panay ang pang-aabala kahit may ginagawa siya. But he didn't really mind it at all.

Ngayon ay bothered siya sa isiping nagtampo yata sa kanya ang dalaga dahil hindi niya pinagbigyan ang paglalambing nito. Pero talaga namang busy siya at hindi maiwan ang gawain. The whole team needed to work double time. Baka abutin sila ng tag-ulan ay wala silang ma-attain sa tina-target nilang output sa timetable nila. Binabalak na nga niyang magdagdag na ng mga tao.

"May gusto ka ba sa ate ko?"

Gulat na nilingon niya si Jimbo. Nakita niya itong nasa tabi na niya at waring kanina pa nag-oobserba.

"Bakit mo naisip 'yan?" natatawang ganting-tanong niya, pero lihim na nag-aalalang baka may nahihiwatigan nga ito sa mga kilos niya.

"Eh, kasi napapansin kong lagi kayong nag-uusap."

"Nag-uusap lang, may gusto na?"

Nagkibit-balikat ito. "Naitanong ko lang naman."

"Kung sakali ba, ayos lang sa 'yo?" nananalakab na tanong niya.

Parang saglit muna itong nag-isip bago tumugon, "Okay ka na sana sa akin. Medyo bilib na ako sa 'yo."

*Medyo*, pigil mapangiting gagad niya sa isip. Hindi lamang nito madirekta, pero alam niyang ang ibig nitong sabihin ay boto ito sa kanya para sa ate nito.

"Kaso, may syota ka na," dugtong nito. "Alangan namang diskartehan mo pa rin ang utol ko, di ba?"

Para siyang sinampal sa realisasyong iyon. *Oo nga naman*, naisip niya. Bakit nga ba lagi na lang nawawala sa isip niya ang aspetong iyon? May girlfriend na siya pero ano't hinahayaan niyang bulabugin pa rin ng ibang babae ang isip niya. Hindi ba't parang pagtataksil na rin iyon kay Criselda?

"Wala akong gusto sa ate mo kaya huwag kang mag-isip ng kung anu-ano," mapaklang hayag niya na mas ang sarili ang gustong kumbinsihin. "She's

nice at nakikipagkaibigan lang ako, that's all."

Muling nagkibit-balikat si Jimbo na may kasamang ngisi pa, halatang hindi naniniwala sa kanya.

Iiling-iling na tinalikuran niya ito.

PAGAL NA PAGAL ang pakiramdam ni Myra nang makarating sa kanilang lugar. Galing siya sa bahay ng isang kaibigan kung saan nagpalipas siya ng maghapon. Sa Zambales pa iyon nakatira at talagang sinadya niya upang ihatid ang mga pasalubong niya.

Papadilim na nang makabalik siya sa Gerona at ini-expect niyang hindi na daratnan ang mga trabahante sa kanila. *Mabuti*, sa loob-loob niya. Mainam nga kung hindi na niya maabutan si Tom. Ang totoo, isa sa dahilan ng paglalamyerda niya ay upang makaiwas dito.

Pero dinatnan pa rin niya sa kanila ang mga manggagawa kahit mag-a-alas-siete na ng gabi. Nag-iinuman ang mga ito at magkakaumpok sa isang bahagi ng ground floor—sa pangunguna ni Jimbo.

"Ano'ng ibig sabihin nito?" kaagad na talak niya

na isa-isang pinasadahan ng tingin ang mga lalaking naroroon. “Bakit ginagawa n’yong beerhouse itong bahay namin?”

May ilang trabahado ang napayuko, waring napahiya.

“Ate, huwag mo silang pagalitan. Ako’ng nag-aya,” ani Jimbo na tila nahihiya sa inasal niya.

“At kelan ka pa natutong uminom?” asik niya rito.

“Ate naman,” anitong parang lalong ikinapanliit ang pagtatrato niya ritong tila isang bata. “Di ba bago ka pa mag-abroad noon, alam mong umiinom na ‘ko?”

Ismid lang ang itinugon niya.

“Myra, pasensya ka na,” sabad ni Tom. “Hindi ko inisip na mamasamain mo. Nagpaalam kami sa nanay mo at pinayagan naman kami. Ha’mo, hindi na mauulit. Pero hayaan mo sanang tapusin na lang namin ito, please.”

Lihim na napahiya ang dalaga. Sa tono pa ng pananalita nito ay parang lumilitaw na wala siyang konsiderasyon at pakikisama gayong maliit na bagay lang naman iyon.

"Sige, ubusin n'yo na lang 'yan, ha," mataray na sabi niya upang takpan ang pagkapahiya. "Huwag na kayong magpapabili pa. Baka malasing kayo nang husto, eh, hindi kayo makapagtrabaho nang maayos bukas."

"Linggo bukas, walang trabaho," pagtatama ni Tom.

Namula siya, lalo nang makitang napayuko ang ilan sa mga tauhan nito sa pagpipigil na matawa. May isa pa ngang kahit lapat na lapat ang mga labi ay naibuga pa rin ang impit na tunog ng kinokontrol na tawa.

Gigil na tinalikuran niya ang mga ito.

"MYRA..."

Napapitlag si Myra. Mula sa paghuhugas ng mga pinagkainan sa banggerahan ay napalingon siya at nakita si Tom, nakapamulsa at hula niya ay kanina pa nakamasid sa kanya. "Nakakagulat ka naman," nakasimangot na asik niya pero lihim na tumatahip ang dibdib.

"Sorry," natatawang sabi nito. "Hindi ko sinasadya."

“B-bakit narito ka pa?” kunot-noong tanong niya. “Akala ko’y nag-uwian na kayo?”

Nagkibit-balikat ito. “Naiwan ako. Maiinip lang ako sa bahay kung uuwi agad kaya naisipan kong magpahangin muna sa ilalim ng punong mangga n’yo—sa may duyan—habang nagyoyosi.”

Napatango siya, pagkuwan ay hinarap na uli ang mga hugasin. Mas naramdaman niya kaysa nakita ang pagtabi nito sa kanya at pagtanghod sa ginagawa niya.

“Pasensya ka na kung marami kang ligpitin ngayon, ha? Nasama pa tuloy d’yan ang mga pinag-inuman namin. Kanina inuutusan ko si Peter na linisin ang mga kalat namin pero pinigil ni Jimbo, siya na raw ang bahala.”

“Siya’ng bahala, eh, tinulugan na rin naman niya,” naiiling na tugon niya.

“Tutulungan na kita kung gan’on.”

“Huwag na. Patapos na ‘to.”

Sandaling nakiraan ang katahimikan. Wala naman siyang mahagilap na paksang maaaring buksan at tingin niya ay nag-iisip din si Tom ng puwede nilang pag-usapan.

“Galit ka ba sa akin?” di-kawasa ay tanong nito.

Pabigla ang paglingon niya rito. “Bakit naman ako magagalit?” aniyang natawa nang maikli.

Napangiti ito. “Baka ‘ika ko hanggang ngayon, galit ka pa rin dahil nag-inuman kami rito.”

“Wala na ‘yon. Pagod lang ako kanina kaya nasita ko kayo. Pasensya ka na, ha?”

“Okay lang. Tama ka naman. Hindi kami dapat dito uminom, pero hindi kami makatanggi kay Jimbo kanina, lalo’t may nakahanda na pala siyang beer at sisig.”

Natatawang napailing na lang si Myra.

“So, ano talaga’ng ikinagagalit mo sa akin?”

“Anong ikinagagalit?” maang na tanong niya.

“Ilang araw mo na kasi kaming hindi sinisilip sa trabaho namin. Naisip ko tuloy na iniiwasan mo ako.”

“At bakit naman ako iiwas?” defensive na sabi niya kahit totoo naman. “I don’t think there’s a need na laging inspeksyunin ko pa kayo. Saka busy po ako rito.”

“Talaga?”

Pumormal ang dalaga. "Ano'ng dahilan para iwasan kita?"

"Baka 'ika ko galit ka nga sa akin dahil hindi kita naipitas ng mangga n'ong isang araw."

Nag-init at hula niya ay namula pa ang kanyang mga pisngi sa pagbubukas nito sa paksang iyon. It was the day she cursed herself for acting silly. Tila siya paslit na nagmaktol noon komo lang hindi napagbigyan sa gusto.

"Now you're making it sound that I acted like a foolish, childish brat back then," aniyang inihimig na lang na biro ang sinabi upang disimulahin ang kaasiwaan.

"Because sometimes, you really act like one," nanunudyong sabi nito.

"Heh!" ingos ni Myra.

Napahalakhak ito at napagaya na rin siya.

"So, hindi ka galit sa 'kin?" anito mayamaya.

"Hindi nga," tugon niyang hindi nawawala ang saya. "Nakukulitan lang. Ganyan ka pala kung lasing."

"Lasing na ba 'yon? Apat na boteng pilsen lang

ang nainom ko. Nabitin nga kami. Mahigpit kasi si Kumander Myra."

"Kumander ka d'yan!" Natatawang winisikan niya ito ng tubig mula sa mga kamay niyang basa.

"Hey!" Natatawang umilag ito at nang aktong wiwisikan niya uli ay hinuli na nito ang mga kamay niya.

Kapwa sila natigilan nang maghinang ang kanilang mga tingin. Titig na titig si Tom sa mga mata niya na para bang sa paraang iyon, magagawa nitong saliksikin ultimo kaibuturan niya. Si Myra man ay waring nahihipnotismong hindi maibaling sa ibang direksyon ang tingin. Ni ang mga kamay niyang tila dinadaluyan ng kuryente ay hindi niya magawang hilahin mula sa pagkakahawak nito.

"Myra..." may lamyos sa tonong usal nito. Halos anas lamang iyon pero tila musikang umabot sa pandinig niya at lalong nagpasasal sa kanyang dibdib.

Unti-unting lumiliit ang distansya ng mga mukha nila, pero hindi niya magawang iiwas ang sarili kahit alam na niya ang kasunod na magaganap.

Ngunit bago pa man sumayad ang mga labi nito sa mga labi niya, awtomatiko silang naglayo nang

marinig nila ang pagtawag ni Aling Mila sa kanya. Nanginginig ang mga kamay na itinuloy niya ang hinuhugasan, tensyon na tensyon ang pakiramdam.

“Sino ba’ng kausap mo d’yan, Myra?” anang nanay niya na lumabas ng barung-barong nila. Napamaang ito nang makita si Tom. “A-aba, narito pa pala si Engineer.”

“Magandang gabi po,” magalang na bati ng binata rito, patay-malisya. “Papauwi na nga ho sana ako… medyo napakuwentuhan lang ako dito sa dalaga n’yo.”

“Ah, ganoon ba? Teka’t hindi ka pa yata kumakain.”

“Huwag na ho, Ka Mila,” tanggi nito. “Nabusog ho ako sa mga pulutan. Puwedeng kape na lang ho?”

“Myra…” baling sa kanya ni Aling Mila.

Alam na niya ang ibig sabihin niyon: magtimpla siya ng kape. Sa kabila ng nararamdamang pagkaasiwa, nagawa niyang ipagtimpla ng kape ang lalaki.

“Thanks!” makahulugan ang ngiting sabi nito bago humigop sa kape. “A-ang pait. Masyadong matapang,” komento nito pagkuwan, maasim ang

pagkakangiti.

"Aba'y apdo yata ang itinimpla mo, Myra?" anang nanay niya, nakakunot-noo sa kanya.

"Mainam sa iyo 'yan," aniyang pinilit salubungin ang titig ni Tom. "Para maalis 'yang kalasingan mo."

Natigilan ito nang makitang tila galit siya, pero hindi naman makakibo palibhasa'y naroon si Aling Mila.

Binalingan niyang muli ang hugasin at mabilis iyong tinapos. Nang maitaob ang mga iyon sa dish rack ay nagpaalam na siya sa dalawa. Muling nagpasalamat si Tom para sa kapeng pilit lamang na inuubos, ngunit ismid ang itinugon niya. Galit talaga siya at alam niyang malinaw na makikita iyon sa kanyang mukha.

Pero kanino nga ba siya galit?

Kay Tom na ginawan siya ng kapangahasan? O sa sarili niya dahil muntik na siyang magpadala sa tukso?

Papatulog na siya nang tanggapin niya sa sariling galit siya dahil napurnada ang inaasam niyang halik!

*Wala naman kasi sa timing si Nanay… hmph!*